

Ang Alameda, Contra Costa, Mendocino, Ventura Counties ay Maaari Na Nang Humiling ng Tulong sa FEMA

Release Date: Marso 6, 2023

SACRAMENTO, Calif. – Ang mga county ng Alameda, Contra Costa, Mendocino at Ventura ay idinagdag sa pangunahing deklarasyon ng sakuna para sa matinding bagyo at pagbaha sa California, ibig sabihin, ang mga residenteng nagkaroon ng pinsala o pagkalugi mula sa mga bagyo na nagsimula noong Disyembre 27, 2022, ay maaari na ngayong mag-apply para sa tulong sa kalamidad ng FEMA.

Ang deklarasyon ay nagpapahintulot sa FEMA na magbigay ng direktang suporta sa mga indibidwal at sambahayan sa 13 county: **Alameda, Calaveras, Contra Costa, Merced, Mendocino, Monterey, Sacramento, San Joaquin, San Luis Obispo, San Mateo, Santa Barbara, Santa Cruz at Ventura**

Ang mga may-ari ng bahay at nangungupahan na nagkaroon ng pinsala o pagkalugi bilang direktang resulta ng mga bagyo ay hinihikayat na mag-aplay para sa tulong ng FEMA bago ang **Marso 16, 2023**, ang deadline. Maaaring kabilang sa tulong sa kalamidad ang mga gawad upang tumulong sa pagbabayad para sa pansamantalang pabahay at mahahalagang pagkukumpuni sa bahay pati na rin ang iba pang seryosong pangangailangang nauugnay sa sakuna gaya ng mga gastos sa medikal at ngipin, transportasyon, pangangalaga sa bata, at mga gastos sa paglipat at pag-iimbak.

Kung mayroon kang insurance, maghain muna ng paghahabol sa iyong tagapagtustos ng insurance. Ang FEMA ay nagbibigay ng tulong sa mga aplikante para sa iyong mga gastusin at seryosong pangangailangan na dulot ng sakuna na hindi nakaseguro o kulang sa insurance.

Mayroong ilang mga paraan na maaari kang mag-aplay para sa tulong ng FEMA sa ilalim ng programa ng Indibidwal na Tulong:



FEMA

Page 1 of 2

- Bisitahin [ang DisasterAssistance.gov](https://www.fema.gov/disaster/assistance)
- I-download ang [FEMA mobile app](#)
- Tawagan ang **Helpline ng FEMA sa 800-621-3362**. Ang tulong ay makukuha sa maraming wika. Kung gumagamit ka ng video relay service (VRS), may paliwanag na serbisyo sa telepono o iba pa, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Ang mga nangangasiwa ng helpline ay nagsasalita ng maraming wika at ang mga linya ay bukas mula **7 a.m. hanggang 11 p.m. araw-araw**. Pindutin ang 2 para sa Espanyol. Pindutin ang 3 para sa isang tagapagsalin na nagsasalita ng iyong wika.
- Para sa isang naa-access na video kung paano mag-aplay, pumunta sa <https://www.youtube.com/watch?v=LU7wzRjByhI>
- Maaari mo ring bisitahin ang alinmang Sentro sa Pagbangon mula sa Sakuna (Disaster Recovery Center) at makipagkita sa mga kawani ng FEMA at mga kinatawan ng iba pang ahensya ng pederal at estado na maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa tulong sa kalamidad. Upang makahanap ng sentro sa pagbangon (recovery center) na malapit sa iyo, bisitahin ang [DRC Locator \(fema.gov\)](https://www.fema.gov/drc-locator).

Para sa pinakahuling impormasyon sa pagbawi ng California mula sa matitinding bagyo sa taglamig, pagbaha, pagguho ng lupa at pagguho ng putik, bisitahin ang [FEMA.gov/disaster/4683](https://www.fema.gov/disaster/4683). Maaari mo ring i-follow ang twitter.com/Cal_OES, facebook.com/CaliforniaOES, [@FEMARegion9/Twitter](https://twitter.com/FEMARegion9) at [Facebook.com/FEMA](https://facebook.com/FEMA).



FEMA